

Inilalarawan ng seksyong ito ang utang sa bono ng estado. Tinatalakay rin nito kung paano makakaapekto ang panukalang bono sa balota, kung naaprubahan ng mga botante, sa mga gastos ng estado sa pagbabayad ng mga bono.

## Mga Bono ng Estado at ang mga Gastos Nito

**Ano ang mga Bono?** Ang mga bono ay isang paraan para humiram ng pera ang mga pamahalaan. Ang pamahalaan ng estado ay pangunahing gumagamit ng mga bono upang magbayad para sa mga proyektong pang-impraestruktura na magtatagal at kapakipakinabang tulad ng mga tulay, mga dam, mga bilangguan, mga parke, mga paaralan, at mga gusali ng opisina. Nagbebenta ang estado ng mga bono sa mga namumuhunan upang makatanggap ng paunang pagpopondo para sa mga proyektong ito at pagkatapos ay dapat bayaran ang mga namumuhunan sa loob ng isang yugto ng panahon, karaniwang mga ilang dekada. Ito ay halos katulad ng paraan ng pagbabayad ng isang pamilya sa mortgage para sa kanilang bahay.

**Ano ang mga Gastos ng Pagpopondo sa Bono?** Mas malaki ang kabuuang gastos ng estado para sa isang proyekto kung magbabayad ito gamit ang mga bono kaysa kung magbabayad ito nang maaga gamit ang perang mayroon na ito. Ito ay dahil kailangan nitong magbayad ng interes sa mga bono. Ang halaga ng karagdagang gastos ay depende sa kabayaran ng interes at kung gaano katagal bago mabayaran ang mga bono. Halimbawa, kung gagamit ang estado ng 30-taong bono na may 4 na porsiyentong rate ng interes upang bayaran ang isang proyekto, ang kabuuang gastos ay humigit-kumulang 15 porsiyentong mas malaki (pagkatapos isaayos para sa inflation) kaysa kung nagbayad nang maaga ang estado gamit ang perang mayroon na ito.

**Karamihan ng mga Bono ay Dapat Aprubahan ng mga Botante.** Inaatasan ng Konstitusyon ng Estado na aprubahan ng mga botante ang karamihan ng mga bagong bono. Ang mga bonong ito ay karaniwang binabayaran mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang

karamihan ng mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan.)

## Mga Bono at Paggasta ng Estado

### **Kasalukuyang Halaga ng Utang sa Bono.**

Kasalukuyang nagbabayad ang estado ng humigit-kumulang \$80 bilyon na mga bono mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado. Bukod dito, dati nang inaprubahan ng mga botante at ng Lehislatura ang humigit-kumulang \$40 bilyon na mga bonong sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo na hindi pa naibebenta. Karamihan sa mga bonong ito ay inaasahang mabenta sa susunod na ilang taon. Ang estado ay kasalukuyang nagbabayad ng humigit-kumulang \$6 na bilyon bawat taon mula sa mga Pangkalahatang Pondo upang bayaran ang mga bono. Ang estado ay patuloy na magbabayad ng katulad na halaga sa susunod na ilang taon. Ito ay humigit-kumulang 3 porsiyento ng taunang kita ng Pangkalahatang Pondo ng estado, na mas mababa kaysa sa dating katampatan na humigit-kumulang 4 na porsiyento.

**Epekto ng Halalan na Ito sa mga Pagbabayad sa Utang.** May dalawang panukalang bonong sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo sa balotang ito: Proposisyon 1 at Proposisyon 38. Papayagan ng Proposisyon 1 ang estado na humiram ng \$10 bilyon para sa mga programa para sa abot-kayang pabahay. Ang gastos upang bayaran ang bonong ito ay humigit-kumulang \$500 milyon hanggang \$600 milyon bawat taon sa loob ng 25 taon. Papayagan ng Proposisyon 38 ang estado na humiram ng \$8.4 bilyon para sa pananaliksik sa immunology at immunotherapy. Ang gastos upang bayaran ang bonong ito ay humigit-kumulang \$500 milyon hanggang \$600 milyon bawat taon sa loob ng 20 taon. Ang gastos upang bayaran ang parehong bono ay magiging kabuuang humigit-kumulang \$1 bilyon bawat taon, na katumbas ng humigit-kumulang kalahati ng 1 porsiyento (0.5 porsiyento) ng taunang kita ng estado mula sa Pangkalahatang Pondo.